Kumanta Buong Araw

Ang mga bata ay nakakarinig at tumutugon sa tunog bago pa sila isilang. Sa katunayan, kilala na nila ang boses ng kanilang ina sa mga unang sandali ng kanilang buhay dahil naririnig na nila siyang nagsasalita ng ilang buwan na.

May mga koneksyon na sa kanilang mga utak na makakatulong sa kanilang pangunawa at pagsasalita ngunit sa mga susunod na taon, mangangailangan sila ng maraming pagkakataon na marinig at masanay sa wika. Ang mga kanta ay nagbibigay ng ganoong pagkakataon sa mga bata na masaya para sa lahat.

Bata-bataang Salita
Ang mga matatanda, kahit saang parti ng mundo, ay mayroong espesyal na pakikipag-usap sa mga sanggol. Noong sila ay maliliit, tinataasan natin ang tono ng ating boses, gumagamit tayo ng simpleng salita, binabagalan natin ang ating pananalita, tumitigil tayo ng pansamantala sa ating mga pangungusap, at paulit-ulit nating sinasabi ang iba't-ibang parirala, kadalasan sa pakantang tono ng boses.

Itong 'bata-bataang' pananalita ay magaling kumuha ng pansin ng mga sanggol dahil ito ay husto sa kanilang kakayahan na marinig ang mataas na tono kaysa sa mababang tono. Mas naiintindihan din ng mga sanggol ang pinaguusapan ng mga tao kapag gumagamit sila ng mga simpleng salita na kanilang inuulit-ulit ng madalas. Simpleng salita na paulit-ulit na may pakantang tono? Ito ang mga bumubuo ng kantang pambata kaya ang mga kanta ay importante sa komunikasyon sa mga sanggol, mula sa paglalaro hanggang sa pagtulog at nananatiling mahalaga hanggang sa kanilang paglaki.

Gumalaw Ka
Ang mga kantang may kasamang galaw at kumpas ay madaling sabayan ng mga bata kahit bago pa sila makapagsalita. Kadalasan sa mga kantang ito, inaawit ang mga pangalan ng parte ng katawan. Sa umpisa, hahawakin mo ang kamay ng iyong sanggol para ituto ang iba't ibang bahagi ng katawan. Maya-maya, gagayahin niya ang paggalaw ng iyong kamay at katawan. Unti-unti niyang madadagdagan ang kanyang mga salita hanggang pareho na kayong kumakanta ng magkasama.

Ritmo, tugma at paulit-ulit
Ang musika at awit ay nakakatulong sa ating pagdinig na isang mahalagang bahagi ng komunikasyon. Sa mga awitin, ang ritmo at tugma ay nakakatulong sa madaliang pandinig ng mga salita. Ang koro sa kanta na paulit-ulit kantahin ay mahusay na pampasanay sa mga bata para maalala nila ang mga salita at pangungusap.

Idiin ang ritmo
Ang ritmo sa musika at awit ay ang unang nakatatawag pansin sa mga maliliit na bata. Marahil naaalala nila dito ang pintig ng puso ng kanilang ina, malamang ang kauna-unahang tunog na kanilang narinig. Mabibigyan mo ng diin ang ritmo sa pagtaas at pagbaba ng sanggol sa iyong tuhod o pagpalakpak at pagsayaw sa mga malalaking bata. Kung gusto mo, sayaw kayo ng magkakasama!

Gawing madaling matutunan ang mga awit
Kantahin ang kanta ng dahan-dahan sa umpisa para madaling matutunan ng mga bata. Maaring nakaka-indak ang kanta, ngunit hintaying malaman nila muna ito ng maigi bago pabilisin ang pagkanta. Kapag natutunan na nila ito ng husto, huminto ng pansamantala para kantahin nila ang susunod na salita. Kadalasan, ang tugma ay makakatulong sa kanilang pagalala ng salita.

Aralin ang mga kanta sa CD's
Kung wala kang alam na kantang pambata, humiram ng CD sa silid-aklatan para makapag-umpisa ka. Huwag basta makinig sa kanta! Pag-aralang kantahin ang kanta na kasama ang mga bata. Kahit na sintunado ka, walang rekording ang makakatugma sa edad at interes ng iyong mga anak na tulad ng ginagawa mo.

Gumawa ka ng kanta
Isang magaling na paraan sa pagkuha ng pansin ng mga bata ay ang pagawit ng pangalan nila sa kanta. Maari mo ding palitan ang mga titik ng mga paborito ninyong kanta para maisama ang mga araw araw ninyong gawain. Halimbawa, pagkatapos ng laro, kumanta ng "Oras ng umalis, mag paalam na!" sa tono na gusto ng iyong anak. Pag minsan, nahihirapan ang ibang batang magpalit ng gawain. Ang kantang ganito na gawa-gawa ay nakakatulong sa kanilang pangunawa at nagbibigay ng 'signal' kung ano ang susunod na mangyayari.

Mas mahusay ang paggamit ng kanta sa mga sitwasyon na ganito kaysa ang magbigay ng utos. Pag oras ng kumain, subukan kumanta ng "Kung alam mo na ikaw ay nagugutom, halika at kumain" sa kantang pamilyar sa iyong anak.

Awit para sa lahat ng okasyon
May mga kantang para sa lahat ng okasyon. Mayroong nagpapaliwanag ng pamilyar na gawain. Mayroong nakakatulong sa magandang pagtakbo ng mga gawaing pang araw-araw at mayroong din yong pampalit ng mood at pang pa-relaks bago matulog. Ang musika pag sama-sama ay gumagawa ng koneksyon sa bawa't isa at nagbibigay ng kasiyahan sa lahat sa araw-araw.

ni Betsy Mann

Singing through the Day

Children start hearing and responding to sounds before they are born. In fact, even in the first few days of life, they recognize their own mother's voice. After all, they've been listening to her talk for months.

Connections have already been made in their brain that will help them understand and speak, but in the next few years, they need lots more opportunities to hear and practice language. Songs give children those opportunities in a way that's fun for everyone.

"Baby talk"

Adults all over the world seem to have a special way of talking to babies. When they are little, we make our voice higher, use simple words and sentences, speak more slowly, pause between sentences, and repeat the same phrases over and over, often in a sing song tone of voice.

This kind of "baby talk" gets infants' attention because it fits with their ability to hear higher pitched sounds better than lower pitched sounds. Babies understand more easily what people are talking about when adults use simple words and repeat them often. Simple words, repetition, lilting tone... that could be a description of many children's songs. Indeed, songs have a special place in communication with babies, from playtime to bedtime, and they continue to be important as children grow.

Get active

Songs that include gestures and movement allow children to join in, even before they can say the words. Take the song "Head and shoulders, knees and toes". At first, you will move your baby's hands to point to the different parts of his or her body. Later, your little one will participate by imitating your hand and body movements. Then gradually, he or she will be able to add more and more words until finally you're singing along together.

Rhythm, rhyme and repetition

Music and songs develop listening skills, an essential part of communication. In songs, rhythm and rhyme make the important words stand out so that they are easier to hear. Also, because many songs have a chorus that is repeated several times, children get a chance to practise and therefore remember words and whole sentences.

Emphasize the rhythm

Rhythm is what first attracts young children to music and songs. Maybe it reminds them of the beat of their mother's heart, probably one of the first sounds they heard. You can emphasize the rhythm by bouncing a baby on your knee or by clapping and swaying with older children. If you feel like it, why not dance together!

Make songs easy to learn

You can make it easier for children to learn a new song by singing it very slowly at first. It may be a lively song, but wait till they know it better before speeding up the pace. Once children become familiar with a song, you can pause to let them fill in the next word. Often, the rhyme will help them remember the last word in a line, for instance.

Learning songs from tapes

If you don't know any children's songs and need some help getting started, you can borrow tapes from the library. But don't just listen to the songs. Take a bit of time and learn to sing them with the children. Even if your voice isn't perfect, no tape can adapt the songs to the age and interests of your particular children the way you can.

Making up new songs

One way to get children's attention is by using their names in a song. You can also make up new words for familiar songs to accompany your routines and activities. For example, when it's time to leave a friend's house, try singing "Time to leave, say good-bye" to the tune of "Frère Jacques". Some children find moving from one activity to another very stressful. A made-up song like this can help by changing the mood and by giving the signal for what will happen next.

A song sometimes gets better results than an order. Try announcing mealtime with "If you're hungry and you know it, come and eat", sung to the tune of "If you're happy and you know it".

Songs for all occasions

There are songs for all occasions: for describing familiar activities, for making routines go more smoothly, for changing a bad mood and for relaxing before nap time. Sharing music can build bonds and add good times to everyone's day.

by Betsy Mann